**MEDIA INTERVIEW IN BARANGAY CANDANAY SUR, SIQUIJOR**
June 11, 2025

(00:00:00)
**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Andito kami dahil napakalaking problema ang dinadanas ng ating mga kababayan dito sa Siquijor dahil nga sa kakulangan ng pag-provide ng kuryente ng power. At nagkaroon ng sitwasyon na napakahaba ng blackout; kung minsan iyong mga ibang residences may kuryente sila dalawang oras, limang oras lang sa isang araw.

Kayat binago na namin iyon. So because—this situation, the victims of this situation are the ordinary people of Siquijor and they cannot go about their business. Iyon pa naman Siquijor is growing so quickly at nagiging tourist destination ang Siquijor. They are losing that opportunity to develop dahil nga dito sa kakulangan ng kuryente.

Kaya't ang ginawa natin at least in the short term—in the short term nagpapunta tayo rito ng mga genset—ng malalaking genset, dalawang genset galing Palawan na naayos naman yung problema doon, kaya pwede nang dalhin dito. The gensets are arriving tonight and tomorrow. So pagka naikabit na iyon at mapaandar na iyon kumpleto na ang supply.

But that will be a temporary solution. Kailangan natin makahanap ng permanent solution para iyong SIPCOR ay iyong kanilang commitment para mag-provide ng kuryente sa tao to the cooperative. The cooperative is paying SIPCOR properly.

At we have to coordinate the different power plants nga; sa ngayon ay hindi pa nagagawa. Ito nga kung titingnan natin itong planta medyo hindi masyadong magandang maintenance. Kayat nakikita natin papaano nangyari

ito na hanggang ngayon hindi tayo makapag-garantiya ng full service ng ating kuryente.

So for our short term solution yun na nga yung dalawang genset. Tapos we will… We have given ourselves doon sa usapan namin, we have given ourselves a deadline of six months for this short term solution by six months from now. We will then impose whatever new arrangements that we have to do so that six months from now we do not have to resort to the emergency gensets.

Now we have to think about fuel supply. Now we have to think about the development of even the transmission lines. We also have to make sure that the machines are— the generators are working properly. Lahat ito kailangan natin maayos. We have to do this.

SIPCOR has to live up to its commitments.

(00:03:02)
Ang problema, meron na talagang permanent damage na nangyari sa sistema. Kaya't iyan isa pa yan. Kailangan natin ayusin. Nagkaroon ng damage dahil hindi umaandar na mabuti. Kayat kailangan natin iresolba iyong problemang iyon. But that's it.

So for now we have a solution. We will be able to provide power to the Island of Siquijor and we will be able to do that for the next six months.

In the meantime, in the six months, in the interregnum pag-uusapan namin namin na mabuti. We will be talking very seriously with SIPCOR to make sure that as I said live up to their commitments at maibalik natin sa tamang sistema ang pag provide ng kuryente rito sa Siquijor.

So that's the situation that we have right now.

Catherine Tuban: Sir, good morning.

**PRES. MARCOS JR.:** Good morning.

Catherine Tuban: Yes, Catherine Tuban sir, from Radyo Bisdak. Ano po yung assessment natin sir base sa ating ginawang inspection po dito sir sa SIPCOR sir?

BAGONG PILIPINAS

(00:04:05)

**PRES. MARCOS JR.:** Iyon, what I just said, that is the assessment. The assessment is that SIPCOR has to come up with—has to live up to their commitments. Maraming kakulangan. We have to repair the damage that has been caused by the collapse of the power supply. And that is the schedule that we have given ourselves: six months.

C. Tuban: Six months.

**PRES. MARCOS JR.:** Yeah. Six months from now we will guarantee that there will be a long term solution hindi na itong patsi-patsi na ating na napilitan nating gawin ngayon. So the government will do its part. SIPCOR must do its part as well.

Fe Marie Dumaboc: President, Fe Marie Dumaboc of GMA. Binigyan natin ng six month target for the short term. Ilang months naman din po yung target natin for the long term solution din po President? And then ilang years kaya or months kaya for the long term solution yung sa SIPCOR?

**PRES. MARCOS JR.:** The long term solution is a permanent solution. It will not go… Six months nga, six months… Hindi. Six months natin paaandarin itong short term solution genset.

In the six months tatrabahuhin namin na maayos na para meron na tayong permanent solution na ipapaandar six months from now.

F. M. Dumaboc: Paano pag hindi po maibigay ni SIPCOR yung…?

**PRES. MARCOS JR.:** Hindi, hindi pwedeng paanong hindi ibibigay. Hindi pwede. It just cannot be. It's up to the people na walang kuryente. The Governor has to explain. He has to explain everyday to his people kung bakit walang kuryente. Hindi naman nila kasalanan. Nagbabayad nga ang cooperative. Ang problema yung provider. Kaya't iyan ang kailangan nating ayusin.

F. M. Dumaboc: Lastly lang siguro President. May call lang kasi (inaudible) na for another supplier or provider po sana. Open po kaya…

**PRES. MARCOS JR.:** Everything is on the table. We just have to examine what is the best solution. We have some very good ideas. The NEA

Administrator is here and he has put out at least a framework on what we need to attend to; what will come first et cetera, et cetera.

We can give you more detail after we have the detailed planning for that.

F. M. Dumaboc: Thank you, sir.

**PRES. MARCOS JR.:** All right sige maraming salamat. Thank you.
(00:06:33)

***

BAGONG PILIPINAS